



Opisyal Na Paunawa

Halaga ng Minimum na Pasahod sa Lungsod ng Alameda

\$13.50

Kada Oras Epektibo Hulyo 1, 2019

Simula Hulyo 1, 2019, ang isang empleyadong gumagawa **ng hindi bababa sa dalawang (2) oras** na trabaho sa isang partikular na linggo ng trabaho **sa loob ng mga heograpikong hangganan ng Lungsod ng Alameda** ay dapat bayaran ng sahod na hindi bababa sa **\$13.50 kada oras**. Ang halagang ito ng minimum na pasahod ay pantay na nalalapat sa lahat ng empleyado, anuman ang laki ng tagapag-empleyo.

Ang iniaatas na minimum na pasahod ay nakasaad sa Ordinansa sa Minimum na Pasahod ng Alameda, Kabanata 4-60 ng Kodigong Munisipal ng Alameda. Ang mga tip ay hindi maaaring ibilang sa pagbabayad ng minimum na pasahod. Ang iskedyul ng pagpapatupad ng Ordinansya sa Minimum na Pasahod ay ang sumusunod:

Minimum na Pasahod	Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa
\$13.50/oras	Hulyo 1, 2019
\$15.00/oras	Hulyo 1, 2020
Taun-taong binabago ng Indeks ng Presyo ng Mamimili	Hulyo 1, 2022

Sa ilalim ng Ordinansa, ang mga empleyadong maggigiit ng kanilang karapatan na makatanggap ng minimum na pasahod ng Lungsod ay pinoprotektahan laban sa paghihiganti. Ang mga empleyado ay maaaring magsampa ng demanda laban sa kanilang mga employer para sa anumang paglabag sa Ordinansa at/o ay maaaring magsampa ng reklamo sa Kagawaran sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng Lungsod. Iimbestigahan ng Lungsod ang mga posibleng paglabag, magkakaroon ito ng access sa mga rekord sa payroll, at maaari nitong parusahan ang mga paglabag sa iniaatas na minimum na pasahod sa pamamagitan ng pag-uutos ng pagbabayad ng mga kulang na sahod ng labag sa batas na ipinagkait at mga multa.

Dapat kang makipag-ugnayan sa Lungsod kung naniniwala kang hindi ka binabayaran sa minimum na pasahod.

Kung mayroon kang mga katanungan, kailangan mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita/makipag-ugnayan sa:

City of Alameda, Community Development Department

950 West Mall Square, 2nd Floor Alameda CA, 94501

Telepono: 510-747-6897

Email: minimumwage@alamedaca.gov

Website: alamedaca.gov/minimumwage

Ipaskil kung saan madaling mababasa ng mga empleyado. Dapat ibigay ang paunawa sa Tagalog. Ang mga lalabag ay sasailalim sa mga multa.